



Accessibility sa Office of the Human Rights Commissioner ng BC — BUOD

Sinisigurado ng accessibility na ang impormasyon, mga aktibidad, at mga espasyo ay mauunawaan, magagamit, at matatamasa ng lahat. Sa British Columbia, ang batas na tinatawag na *Accessible British Columbia Act* ay makakatulong na masigurado na ang mga táong may mga kapansanan ay makaka-access sa lahat ng kinakailangan nila para makalahok sila sa lipunan; kabilang na dito ang paggawa ng ilang mga patakaran na dapat sundin ng mga organisasyon.

Para makatulong na masigurado na sinusunod namin ang mga patakarang iyon at na ang lahat ay magiging mas accessible sa pangkalahatan, ang Office of the Human Rights Commissioner ng BC (BCOHRC) ay nakipagtulungan sa ibang mga opisina tulad ng amin para bumuo ng isang Joint Accessibility Committee. Sa loob ng BCOHRC ay nilikha rin namin ang isang “Accessibility Working Group” na binubuo ng mga tauhan mula sa iba't-ibang mga departamento na may iba't-ibang mga karanasan sa buhay.

Ang aming kasaysayan ng accessibility hanggang sa ngayon

Ang BCOHRC ay may “guiding principles” (mga nagpapatnubay na prinsipyo) na humuhugis sa paggawa namin ng ating trabaho. Ang accessibility ay dati nang isa sa mga prinsipyong iyon. Ito'y dahil ang accessibility ay kinakailangan para masigurado na ang mga karapatang pantao ng lahat ay maaaring maprotektahan at marespeto. Ang trabaho ng BCOHRC ay nilikha para sa mga táong may iba't-ibang mga kakayahan, kultura, wika, natapos na edukasyon, istilo ng pag-aaral, at mga pananaw.

Isinasaalang-alang ng BCOHRC ang accessibility kapag ginagawa nito ang mga sumusunod:

- **pakikipanayam** sa mga tao sa B.C., kabilang na ang kapag nagtatanghal kami ng events
- paglikha ng **learning** materials
- pagdisenyo ng aming **office space** at mga patakaran para sa opisina
- **paglathala** sa aming website, social media, at sa mga report, mga pag-aaral, at iba pang mga dokumento
- **pag-hire** ng mga bagong tao
- pagtrabaho sa mga proyekto

Halimbawa, kami ay naglalaan ng translation at interpretation sa ibang mga wika, at sinisigurado namin na ang mga lugar para sa events ay accessible at mapagtanggap sa lahat. Nagdidisenyo kami

ng mga bagay para gawin silang mas madaling makita at mabasa. Sinisigurado namin na may lugar para sa mga wheelchair sa aming opisina at na ang mga counter at mga mesa ay maaaring itaas o ibaba, at na mayroong mga flexible na paraan para ang trabaho ay magagawa sa ibang paraan ng mga tauhan at job candidates na may mga pangangailangan sa accessibility.

Noong 2022/23 ay nakipagtulungan ang BCOHRC sa mga organisasyon na nagsisilbi sa B.C. sa mga táong may mga kapansanan para gawin ang kampanyang tinatawag na #RewriteTheRules. Ipinakita ng #RewriteTheRules kung paano pinahihirap ng unwritten “rules” ang buhay para sa mga táong may mga kapansanan. Inimbita ng kampanya ang mga tao na pag-isipan kung paano nakasasama ang unwritten rules na iyon para sa ating lahat at naghikayat ito ng pagbabago.

Ikinagagalak namin ang trabahong ginawa namin para sa accessibility pero nalalaman namin na kailangan pa naming patuloy na pagbutihin ito.

Pagtatag ng aming accessibility plan

Para itatag ang aming accessibility plan, nakinig ang BCOHRC sa mga eksperto at tauhan sa accessibility na nagtrabaho tungkol sa mga isyu sa pagkakaroon ng kapansanan, at nakipagtulungan ito sa mga táong may mga kapansanan at sa mga tao mula sa iba’t-ibang dako ng B.C.

Ang aming plan ay batay sa mga prinsipyo mula sa *Accessible British Columbia Act*, kabilang na ang:

- **inclusion** (sinisigurado na ang lahat ay makakalahok sa lipunan)
- **adaptability** (sinisigurado na ang aming plan ay nagbabago habang kami ay natututo at lumalaki)
- **diversity** (pag-unawa na tayong lahat ay iba’t-iba at nararanasan natin ang mundo nang iba’t-iba, at na ang ilan sa atin ay trinatrato nang mas mabuti kaysa sa iba sa ilang mga dako ng buhay)
- **kolaborasyon** (pakikipagtulungan sa mga táong may mga kapansanan at sa mga organisasyon sa disability)
- **sariling paggawa ng desisyon** (sinisigurado na sariling makakagawa ng mga desisyon ang mga táong may mga kapansanan)
- **Universal Design** (tinutugunan ang mga pangangailangan ng lahat na nakikipag-ugnayan sa amin)

Ibinatay din namin ang aming plan sa *Human Rights Code (Kodigo ng mga Karapatang Pantao)* ng B.C., na siyang nagprotekta sa mga grupo ng mga tao—kabilang na ang mga táong may mga kapansanan—mula sa diskriminasyon sa ilang mga mahahalagang bagay sa pang-araw-araw na buhay.

At isinaiisip din namin ang mga pandaigdig na batas ukol sa mga karapatan tulad ng United Nations *Convention on the Rights of Persons with Disabilities*. Ayon sa *Convention*, dapat siguraduhin ng mga pamahalaan na ang mga táong may mga kapansanan ay may full access sa lahat ng mga serbisyong ibinibigay sa publiko.

Isinasaalang-alang din ng aming accessibility plan ang dalawang approach (paraan) na ginagamit namin para sa lahat ng aming trabaho: isang human rights-based approach (HRBA) at isang



decolonizing approach. Layunin ng HRBA na protektahan at itaguyod ang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng pagmamasiid sa kung paano trinatrato na naiiba ang iba't-ibang mga grupo ng mga tao. Kinikilala ng decolonizing approach na ang kapansanan na nararanasan ng mga Indigenous na tao ay naiiba dahil sila'y trinato nang masama at dahil sa rasismong nararanasan nila sa nakaraan at sa kasalukuyan.

Ano ang dapat bigyang-diin

Minasid ng BCOHRC ang aming office space at online content at resources, nag-survey ito sa aming mga tauhan, at nangolekta ito ng feedback mula sa publiko. Ang mga isyu na pinagpasiyahan naming bigyang-diin ay ang:

- kung paano nagiging mas mahirap para sa mga táong may mga kapansanan dahil sa aming mga patakaran at paraan ng paggawa ng mga bagay
- kung bakit maaaring mas mahirap i-access ang aming office spaces, event spaces, at iba pang mga lugar
- kung paano namin magagawang mas accessible ang pagbahagi namin ng impormasyon at ang aming komunikasyon
- kung paano maaaring mahirap gamitin o i-access ng ilang mga tao ang teknolohiya
- kung paano kami kumikilos at kung ano ang iniisip namin tungkol sa iba't-ibang mga grupo ng tao, kabilang na ang mga táong may mga kapansanan

Inilagay namin ang mga isyu na iyon sa apat na sektor at gumawa kami ng three-year action plan.

Ang unang sektor ay ang **operations**. Ang prioridad namin doon ay ang siguraduhin na walang problema sa accessibility ang pag-setup namin ng aming mga espasyo at kapag bumibili ng mga bagay.

Ang pangalawang area ay ang **public engagement**. Ang prioridad namin ay ang gawing mas accessible ang aming learning materials at pakikipag-ugnayan.

Ang pangatlong sektor ay **impormasyon at komunikasyon**. Sa sektor na iyon, prioridad naming siguraduhin na ang aming website at paraan ng pagsulat ng aming mga dokumento ay accessible.

Ang pang-apat na sektor ay ang **employment**. Para sa employment, binibigyan namin ng prioridad ang mga accessible na patakaran at mga praktis na dapat sundin ng aming mga tauhan.

Pagsubaybay sa aming progress

Gagamitin namin ang evaluation framework ng BCOHRC para malaman kung ano ang aming mga nagawa hinggil sa gawing mas accessible ang aming mga espasyo, mga aktibidad, at trabaho. Sinusukat ng tatlo sa mga layunin sa framework na iyon kung gaano kami ka-accessible, kabilang na ang pagiging accessible sa mga tao kung kanino kami may mga ugnayan, pagkakaroon ng accessible learning at guidance resources, at pagkakaroon ng mga accessible na patakaran.

Ilalarawan din namin ang aming progress sa aming three-year action plan sa pamamagitan ng pagbigay ng update sa annual report ng aming Opisina bawat taon.

Sabihin sa amin ang iyong opinyon



Bawat tatlong taon simula sa 2024, maglalathala ang BCOHRC ng report tungkol sa aming progress at mga update tungkol sa aming accessibility plan.

Ang sinumang nais magbigay sa amin ng feedback tungkol sa aming accessibility plan o accessibility ng alinman sa aming trabaho ay inaanyahang magpadala sa amin ng mensahe. Maaari silang mag-email sa aming Opisina sa info@bchumanrights.ca, mag-iwan sa amin ng mensahe sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-844-922-6472 o magbigay ng feedback sa evaluation forms na ibinibigay namin pagkatapos ng aming events.

